# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MARSO 07, 2022, LUNES, IKA-9:47 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President-nasa lakad opisyal |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 28 MAR 2022 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 03.28.22 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 244-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 168-T2021/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 026-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY UKOL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY SANTO ANGEL SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur para sa taong 2022 na paglalaanan ng 20 Bahagdang Kabahagi ng Rentas-Internas;

**SAPAGKAT,** ang mga ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na ito ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang Annual Investment Plan ng Barangay Santo Angel Sur.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng mga Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Mark Anthony P. Joven at Kgg. Lea A. Almarvez at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 168-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 026-T2021 ng Sangguniang Barangay ukol sa Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay Santo Angel Sur.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 07, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
3/25/22